Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

June 30, 1982

MEC ORDER
No. 26, s. 1982

AMENDMENT TO MEC ORDER NO. 22, s. 1978

To: Bureau Directors
Regional Directors
Schools Superintendents
Presidents, State Colleges and Universities
Heads of Private Schools, Colleges and Universities

1. Pursuant to the request of teachers whose representatives attended Talakayang Pangwika '82 under the joint sponsorship of the Institute of National Language (INL), Bureau of Higher Education (BHE), Kapisanan ng mga Propesor at Guro sa Pilipino (KAPPIL), and the Graduate School of the Manuel L. Quezon University, the inclosure on Pilipino 1 to MEC Order No. 22, s. 1978 is hereby amended for a more effective teaching of Pilipino 1 in non-education courses in the tertiary level.

2. The course description of Pilipino 1 is as follows:

a. Pilipino 1-A (Engineering) - pagtalakay sa mga sanligang kaalaman sa wikang Pilipino (batas, tuntunin, proklamasyon, atb.) at mga paksang may kinalaman sa kursong pinag-aaralan na nasa anyong artikulo, sanaysay, balita, tudling, bagong kalakaran/isyu, karanasan/kaso, atb. na magiging lunsaran (springboard) sa pagtalakay ng mga pagsasanay na lilinang sa apat na kasanayang pangwika (pagbasa, pag-unawa, pagsasalita, at pagsulat) na ang diin ay nasa paglinang ng gamiting Pilipino (functional Pilipino) sa paglalahad, paglalarawan, pagsasalaysay, at pangangatwiran.

b. Pilipino 1-B (Architecture)

c. Pilipino 1-K (Commerce)

d. Pilipino 1-D (Nursing)

e. Pilipino 1-E (Advertising)

(Note: Descriptions of Pilipino 1-B, K, D, and E are all the same as 1-A; the difference lies only in the course/discipline pursued).

3. The complete text of the amended portion is inclosed.

4. This Order supersedes MEC Order No. 22, s. 1978 as regards the inclosure on Pilipino 1.

(SGD.) ABRAHAM I. FELIPE
Deputy Minister
and
Officer-in-Charge

Incl.:
As stated

Reference:
MEC Order: (No. 22, s. 1978)

Allotment: 1-3-4—(D.O. 1-76)

To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

AMENDMENT
COMMUNICATION ARTS
Course of Study, COLLEGIATE
OFFICIALS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

(Inclosure to MEC Order No. 26, s. 1982)

PILIPINO 1

I. Kurso: PILIPINO 1-(A/B/K/D/E)

II. Pamagat ng Kurso: SINING NG PAKIKIPAGTALASTASAN SA:

A. ENGINEERING
B. ARCHITECTURE
K. COMMERCE
D. NURSING
E. ADVERTISING

III. Saklaw ng Kurso:

Tatalakayin sa kursong ito ang mga sanligang kaalaman sa Wikang Pambansa (batas, tuntunin, proklamasyon, atb.) at mga paksang may kinalaman sa kursong kinukuha na nasa anyong artikulo, sanaysay, balita, tudling, bagong kalakaran/issues, karanasan/kaso, atb. na magiging lunsaran sa pagtalakay ng mga pagsasanay na lilinang sa apat na kasanayang pangwika na ang diin ay nasa paglinang ng gamiting Pilipino (functional Pilipino), sa paglalahad, paglalarawan, pagsasalaysay at pangangatwiran.

IV. Mga Layunin:

A. Panlahat:

Inaasahang sa pamamagitan ng kursong ito, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng higit na kakayahan sa pagbasa, pag-unawa, pagsasalita at pagsulat sa gamiting Pilipino. Ang diin ay nasa katatasan sa paglalahad, paglalarawan, pagsasalaysay at pangangatwiran sa pagtalakay sa mga sanligang kaalaman sa Wikang Pilipino at sa mga pangunahing kaalaman tungkol sa kursong pinag-aaralan.

B. Tiyak:

1. makapagpapahayag nang maliwanag ng nilalaman ng kanyang binasa mula sa mga babasahin sa Pilipino tulad ng mga artikulo, sanaysay, balita, tudling, bagong kalakaran, karanasan, kaso, isyu at iba pang anyo ng lathalaing may kaugnayan sa Wikang Pilipino at sa kursong pinag-aaralan;

2. makapagpapahayag ng iniisip at dinarama sa pamamagitan ng paglalahad ng kilos;

3. makapagpapaliwanag at makapangangatwiran upang makahikayat at makapagpakilos lalo na ang nauukol sa mga isyu at proyektong pambayan bilang tanda ng pagmamahal at pagpapahalaga, hindi lamang sa wikang pambansa kundi gayon din sa pagpapalawak ng kaalaman at pananaw sa mga paksain ng edukasyon upang maging lalong makabuluhan ang kanyang pag-aaral sa kanyang buhay; at

4. makasusulat nang maanyo at wasto, mabisa at malinaw ayon sa hinihingi ng retorika at balarila, at iba't ibang paraan ng pakikipagtalastasan.

V. Saligang Aklat:

MGA SERYE NG SINING NG PAKIKIPAGTALASTASAN SA PILIPINO 1:

1-A: Sining ng Pakikipagtalastasan sa Engineering
1-B: Sining ng Pakikipagtalastasan sa Architecture
1-K: Sining ng Pakikipagtalastasan sa Commerce
1-D: Sining ng Pakikipagtalastasan sa Nursing
1-E: Sining ng Pakikipagtalastasan sa Advertising

VI. Sanggunian:

Mga aklat, magasin, pahayagan, brochure, pamplet o anumang lathalaing mapagkukunan ng mga paksa/isyu/kalakaran tungkol sa mga kursong tinatalakay ay magagamit na sanggunian.

VII. Balangkas ng Pagtuturo: (Kalakip)

VIII. Paalaala sa Paggamit:

Binibigyang-laya ang mga guro sa pagtantya kung gaano katagal nilang tatalakayin ang bawat aralin, batay sa mga kasanayan/kakayahang nililinang.

HINDI KAILANGANG TALAKAYIN AGAD ANG ARALIN I SA UNANG ARAW NG PAGKIKITA. HINDI RIN KAILANGANG SAPILITANG TAPUSIN ANG ISANG ARALIN SA LOOB NG ISANG PAGKAKLASE LAMANG. May probisyon din sa mga araw na di-gagamitan ng mga aralin, tulad ng unang pagkikita; mga araw ng mahahabang eksamen; atb.

Kaugnay ng mga paksang pag-uusapan/ilalarawan/ ilalahad at/o pagtatalunan, ang mga gawaing nasa balangkas ng bawat disiplina ay pawang mga MUNGKAHI lamang. MAY KALAYAAN ANG BAWAT GURO NA MAGDAGDAG O MAGPALIT NG MGA PAKSA AT MGA GAWAIN BATAY SA KAKAYAHAN, KAWILIHAN, AT/O PANGANGAILANGAN NG KANYANG MGA MAG-AARAL.

Bigyang pansin: Limang disiplina/kurso lamang ang iginawa ng balangkas at isang halimbawang aralin dito sapagkat inaasahang sa pamamagitan ng pormat ng mga ito magiging madali na para sa mga guro ng Pilipino 1 sa mga kursong di-pangguro ang pagbuo ng sarili nilang balangkas at aralin para sa iba pang disiplina/kurso, tulad ng Law, Medicine, Dentistry, Nutrition, atb.

(Inclosure to MEC Order No. 26, s. 1982)

BALANGKAS NG PAGTUTURO NG PILIPINO 1-A (ENGINEERING)

(Para sa 18 linggo)

Una at ika-2 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 6 na oras

Aralin 1

A. Mga Paksa: Sanligang Kaalaman sa Wikang Pambansa

1. Maikling Kasaysayan ng Wikang Pambansa
   a. Tadhana ng Saligang Batas
   b. Ang Batas Commonwealth Blg. 184
   k. Mga Kagawad ng unang Surian ng Wikang Pambansa

B. Mga Gawain:

1. Pagtatalakayan
2. Pananaliksik ng dagdag na impormasyon
3. Paglilinaw (ng guro sa mga isyung di malinaw)

Aralin 2

A. Mga Paksa: Tagalog, Saligan ng Wikang Pambansa

1. Kapasyahan ng mga kagawad ng Surian ng Wikang Pambansa
2. Iba Pang mga Batas mula 1936-59 tungkol sa Wikang Pambansa

B. Mga Gawain:

1. Pananaliksik
2. Pagsulat
3. Talakayan

Aralin 3

A. Mga Paksa. Mga Batas tungkol sa Wika mula 1960-82

1. Kautusang Tagapagpaganap (Executive Order) Blg. 60
2. E.O. #96
3. Memorandum Sirkular Blg. 172
4. EO #199
5. EO #187
6. MC #277
7. MC #384
8. MC #443
9. EO #304
10. MC #488
11. G.O. #117
12. P.D. # 73
13. D.O. # 25, s. 1974
14. D.O. # 50, s. 1975
15. DEC Memorandum #203, s. 78

Ika-3 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 6

A. Paksa: Pambungad o Panimula

B. Mga Gawain

1. Paghawan ng sagabal (talasalitaan)
2. Pag-unawa sa binasa
3. Pagsagot sa mga pagsasanay

Aralin 7

A. Paksa: Ano ang Engineering

1. Pinagmulan ng salitang "inhinyero"
2. Lawak ng kahulugan ng engineering

B. Mga Gawain:

1. Paghahawan ng sagabal (paglinang ng talasalitaan)
2. Pagsagot sa mga tanong tungkol sa paksa
3. Pagkopya ng talataan; bigyan-diin ang wastong pagtatalata, mga bantas; wastong gamit ng salita

Aralin 8

A. Paksa: Ang Engineering sa Pilipinas Ngayon

B. Mga Gawain.

1. Paglinang ng talasalitaan
2. Pagtalakay sa diwa ng talataan
3. Paggamit sa pangungusap ng mga salitang nilinang
4. Pag-uusap sa mga uri ng pangungusap

Ika-4 na linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 9

A. Paksa: Ang Ginagawa ng Engineer

B. Mga Gawain:

1. Pananaliksik tungkol sa mga gawain ng isang engineer
2. Pag-uulat ng tiyak na gawain sa:

a. pananaliksik (basic at applied research)

b. pagtuturo
k. design and development
d. application
e. e. technician, atb.

3. Pag-uulat ng nasaliksik
4. Panariwa: Paglalarawan

Aralin 10

A. Paksa: Mga Klase ng Gawain Pang-inhenyeriya

B. Gawain:

1. Pagbasa nang malakas
2. Pag-unawa sa binasa
3. Paggawa ng balangkas ng binasa
4. Pagsulat ng balangkas
5. Pagbibigay-halaga sa sinulat

Aralin 11

A. Paksa: Pagtuturo-Pagkunsulta-Pangangasiwa

B. Mga Gawain:

1. Pagsagot sa mga tanong tungkol sa paksa
2. Pagsasagawa ng mga pagsasanay
   a. Talakayan
   b. Paglalahad ng sariling karanasan

Ika-5 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 12

A. Paksa: Mga Larangan ng Engineering

B. Mga Gawain:

1. Pagtatala sa pisara ng iba-ibang larangan ng Engineering
2. Pagtatalakayan
3. Pagtatakda ng mga paksang sasaliksikin

Aralin 13

A. Paksa: Ang Civil Engineering

B. Gawain:

1. Pananaliksik
2. Pag-uulat
3. Paglalahad sa tulong ng mga visual aids

Aralin 14

A. Paksa: Ang Mechanical Engineering

B. Gawain:

1. Paglalahad ng nasaliksik tungkol sa mechanical engineering
2. Pagsulat, pagkatapos ng paliwanag tungkol sa karaniwan at di-karaniwang ayos ng pangungusap sa Pilipino

Ika-6 na linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

A. Paksa: Ang Chemical Engineering

B. Mga Gawain:

1. Pag-uulat ng sinaliksik tungkol sa Chemical Engineering
2. Paghahambing nito sa saklaw ng civil at mechanical engineering
3. Wastong Gamit ng mga salita, pantukoy, at pang-ukol

Aralin 16

A. Paksa: Ang Electrical Engineering

B. Mga Gawain:

1. Paghahambing ng electrical engineering sa civil, mechanical, at chemical engineering
2. Pagtitipon ng mga tala para sa bawat uri ng engineering.

Ika-7 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 17

A. Paksa: Hambingan ng Civil, Mechanical, Chemical, at Electrical Engineering

B. Mga Gawain:

1. Pananaliksik
2. Pagsulat ng ulat
3. Pagbasa ng ulat sa klase
4. Pagbibigay-halaga sa ulat

Aralin 18

A. Paksa. Ang Electronics at Communications Engineering

B. Mga Gawain:

1. Pagbasa sa nilalaman
2. Talakayan
3. Pagsagot sa pagsasanay

Aralin 19

A. Paksa: Ang Industrial (Management) Engineering

B. Mga Gawain.

1. Pagtalakay sa paksa
2. Paggawa ng balangkas (outline)
3. Pagbabalangkas ng nilalaman ng Industrial Engineering

Ika-8 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 20-21

A. Paksa: Mga Prinsipyo sa Pagbabalangkas (outlining), patuloy

B. Gawain: Pagbabalangkas ng nilalaman ng Civil, Mechanical, Chemical, Electrical, at Electronics at Communications Engineering

Aralin 22

A. Paksa: Ang Sanitary Engineering

B. Gawain:

1. Talakayan tungkol sa paksa
2. Pagbalangkas ng nilalaman ng sanitary engineering

Ika-9 na linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .3 oras

Aralin 23

A. Paksa: Ang Geodetic Engineering

B. Gawain:

1. Pagbasa nang malakas
2. Wastong bigkas ng mga salita: mga diin
3. Takda: Balangkasin ang nilalaman ng paksa

Aralin 24

A. Paksa: Ang Mining Engineering

B. Gawain:

1. Pahambing na paglalahad ng mining engineering sa ibang uri ng engineering
2. Paggamit ng antas ng pang-uri sa pahambing na paglalahad

Aralin 25

A. Paksa. Kaantasan ng Pang-uri (Degrees of Adjectives)

B. Mga Gawain:

1. Pagsariwa sa tatlong antas ng pang-uri
2. Paglilinaw sa iba-ibang gamit at halimbawa
3. Pagsulat ng isang talataan tungkol sa Mining Engineering na ginagamitan ng iba-ibang antas ng pang-uri

Ika-10 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 26

A. Paksa: Kaya mo ba ang engineering?

B. Mga Gawain:

1. Pagtalakay sa paksa
2. Pagtatala ng mga dahilan na magsisilbing sagot sa tanong ng paksa: Kaya mo ba ang engineering?

Aralin 27-28

A. Paksa Ang Halaga ng Pag-aaral ng Engineering

B. Mga Gawain:

1. Pananaliksik sa nagugugol sa pag-aaral ng Engineering

   a. Itala ang lahat ng nagugol sa bawat semestre (simula nang mag-aral ng Engineering) hanggang sa kasalukuyan
   b. Gumawa ng isang "rough estimate" ng "rate of increase" na inaasahan taun-taon hanggang sa matapos ka

3. Pagsulat ng unang draft ng talumpati

Ika-13 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 o:

Aralin 34-35-36

A. Paksa: Ang Talumpati at Pagtatalumpati

B. Mga Gawain.

1. Pagpapakinis sa Talumpati
2. Pagsulat sa anyong final ng talumpati
3. Pagtalakay sa mga pamantayan ng isang mahusay na mananalumpati
4. Pagsasanay magtalumpati sa tulong ng tape
5. Pagsasanay sa wastong pagkilos sa tanghalan

Ika-14 na linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 37-38-39

A. Paksa: Pagtatalumpatian

B. Gawain:

1. Pagdaraos ng timpalak talumpatian sa klase

   a. Paghirang ng mga lupon
      (1) paanyaya (sa mga inampalan)
      (2) akomodasyon
      (3) pamatid-uhaw
      (4) atb.

Ika-15 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 40-41-42

A. Paksa: Ang Pagtatalo
   1. Prinsipyo
   2. Mga Paksa ng Pagtatalo
   3. Paraan ng Pagtatalo

B. Mga Gawain

1. Pag-unawa sa mga prinsipyo ng pagtatalo
2. Pagbuo at pamimili ng mga paksang karapat-dapat na pagtalunan
3. Pagbuo ng mga debating teams
4. Paghahanda ng mga argumento ng bawat panig

Ika-16 na linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 43-44-45

A. Paksa: Ang Pagtatalo at Pakikipagtalo

B. Gawain: Patuloy sa paghahanda ng isang pagtatalo

Ika-17 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 46-47

A. Paksa at Gawain: Pagtatanghal ng isang pagtatalo sa klase
(Gawin ang mga gawaing katulad ng sa paghahanda ng talumpatian sa klase)

Ika-18 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 48-49-50

A. Paksa: Pagbubuod, Paglilinaw, Panghuling Gawain

B. Mga Gawain:

1. Pagbubuod ng layunin ng Pilipino 1 sa mga mag-aaral ng Engineering
2. Pagtatalakayan sa mga paksang ginamit at mga kasanayang pangwikang nakamit
3. Pagmumungkahi sa lalong ikabubuti ng nilalaman at gawain ng Pilipino 1

Halimbawang Aralin sa Engineering (Pilipino 1-A)

Aralin 6 - Pambungad

Bumasa ng kahit anong diyaryo. Suriin ang naglalakihang mga anunsiyo - di lang iyong parteng classified o help wanted. Makikita mo rito ang mga nakatutuksong alok na trabaho sa mga inhenyero ng pinakamalalaking kompanya sa industriya.

Kailan lamang, halimbawa, naghahanap ang General Motors Philippine Manufacturing Corporation ng mga processing specialists, heat supervisors, plant security at procurement officers. Ito'y mga espeyalista ng nagpapaunlad sa paraan ng pagmamanupaktura, tumetesting sa mga kasangkapang pangmetal, tumitiyak sa seguridad mula sa sunog at nag-aayos ng pagbili sa suplay ng pabrika, kasangkapang de-kamay, kasangkapan sa pagwe-welding at bakal.

Sa biglang tingi'y waring ang mga taong kailangan ay nagmumula sa iba't ibang uri ng gawain. Ngunit ang totoo: lahat sila'y inhenyero. Kaya ang dating tingin sa isang inhenyero - yaong manang sumesenyas sa tabi ng tripod sa gitna ng kalye ay mabilis nang nawawala.

Isa pang halimbawa'y ang unang "buggy" na minaneho ng tao sa buwan: ito'y ginawan ng disenyo ni Eduardo San Juan, 47 anyos na inhenyerong nagtapos sa Mapua Institute of Technology. Binuo niya ang sasakyang alinsunod sa pinakamahusay na tradisyon ng paglikha sa inhenyeriya - mula sa mga pinagtabasang aluminyo at nilagyan ng motor ng isang golf-cart. Payong ang ginamit na antena, manibela ng bisikleta ang ginawang manibela, at hucab ang ginamit na radiator.

Ang inhenyeriya'y talagang kagila-gilalas na supling ng ating panahon.

PAGSASANAY

A. Piliin at itala sa isang hanay ang mga salitang anyong banyaga at suriin ang bawat isa ayon sa hinihingi sa ibang hanay. Ang una ay isinagawa na para sa iyo:

| salita | wikang pinagmulan | katumbas sa Pilipino |
|---|---|---|
| 1. diyaryo | Kastila | pahayagan |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. at iba pa | | |

B. Gamitin sa sariling pangungusap ang mga salitang katumbas sa Pilipino ng mga salitang banyagang itinala.

K. Sariwain/ilahad ang ilang tuntunin sa Makabagong Ortograpiyang Pilipino kaugnay ng pagsasalin o paggamit ng mga salitang banyaga, pasalita at pasulat.

D. Sipiin ang Aralin 6. Isaayos ito upang mapalitan ang mga salitang anyong banyaga ng mga salitang katumbas ng mga ito sa Pilipino o batay sa mga tuntunin ng Makabagong Ortograpiyang Pilipino.

(Maaaring dagdagan ang mga pagsasanay, tulad ng sa wastong gamit ng mga salita, atb.).

BALANGKAS NG PAGTUTURO NG PILIPINO 1-B (ARCHITECTURE)

(Para sa 18 linggo)

a at ika-2 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 6 na oras

**Aralin 1**

A. Mga Paksa: Sanligang Kaalaman sa Wikang Pambansa

1. Maikling Kasaysayan ng Wikang Pambansa

   a. Tadhana sa Saligang Batas
   b. Ang Batas Commonwealth Blg. 184
   k. Mga Kagawad ng Unang Surian ng Wikang Pambansa

B. Mga Gawain:

1. Pagtatalakayan
2. Pananaliksik ng dagdag na impormasyon
3. Paglilinaw (ng guro sa mga isyung di malinaw)

**Aralin 2**

A. Mga Paksa: Tagalog, Saligan ng Wikang Pambansa

1. Kapasyahan ng mga kagawad ng Surian ng Wikang Pambansa
2. Iba Pang mga Batas mula 1936-59 tungkol sa Wikang Pambansa

B. Mga Gawain:

1. Pananaliksik
2. Pag-uulat
3. Talakayan

**Aralin 3**

A. Mga Paksa: Mga Batas tungkol sa Wika Mula 1960-82

1. Kautusang Tagapagpaganap (Executive Order) Blg. 60
2. E.O. #96
3. Memorandum Sirkular Blg. 172
4. MC #199
5. EO #187
6. MC #277
7. MC #384
8. MC #443
9. EO #304
10. MC #438
11. G.O. #117
12. P.D. # 73

13. D.O. #25, s. 1974
14. D.O. #50, s. 1975
15. DEC Memorandum #203, s. 78
16. K.P. #22, s. 1978
17. K.P. #47, s. 1979 (Foreign Students)
18. K.P. #59, s. 1981

B. Mga Gawain:

1. Pananaliksik
2. Pag-aanyaya ng isang Tagapanayam
3. Panayam
4. Malayang Talakayan (Open Forum)

Aralin 4

A. Mga Paksa: Reporma ng Palatitikang Pilipino: Isang Pagtataya

1. Ang Ponema at Problema
2. Alpabeto ng Wikang Pambansa
3. Modernisasyon at Kraytirya sa Pagbabago
4. Suliraning Dunga ng Solusyon
5. Pinakamahalagang Dahilan at Huling Kuro

B. Gawain:

1. Pakikinig sa lecture
2. Pagkuha ng Tala
3. Talakayan
4. Paglilinaw

Aralin 5

A. Mga Paksa: Iba Pang Tuntunin at Isyu sa Wikang Pambansa

1. Ang Tagalog at Filipino
2. Ang Pilipino at Filipino
3. Pagbabaybay ng mga Salitang Banyaga
4. Ang Pagsasalin ng mga Salitang Banyaga
5. Mga Isyu (current) tungkol sa Wikang Pambansa.

B. Mga Gawain:

1. Pagbabasa
2. Pananaliksik
3. Pag-uulat ng sinaliksik
4. Pagtatalakayan
5. Paglilinaw

Ika-3 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 6

A. Paksa: Pambungad o Panimula

B. Mga Gawain:

1. Paglinang ng talasalitaan
2. Pag-unawa sa binasa
3. Pagsagot sa mga pagsasanay

Ika-4 na linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 7

A. Mga Katangian ng Kanais-nais na Katauhan ng Isang Architect

B. Mga Gawain:

1. Paglinang ng Talasalitaan
2. Panariwa: Paglalarawan: mga uri at Katangian
3. Pagtalakay sa mga katangian ng isang mabuting Architect
4. Pagsagot sa mga pagsasanay

Ika-5 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 8

A. Paksa: Ang Hanapbuhay sa Isang Sulyap

B. Mga Gawain:

1. Paglinang ng talasalitaan
2. Panariwa: mga katangian ng mabuting pagsasalaysay
3. Pagsasalaysay ng paksa sa sariling paraan
4. Pagbasa ng iba pang uri ng pagsasalaysay
5. Pagsagot sa mga pagsasanay

Aralin 9

A. Paksa: Ang Pagiging Architect

B. Mga Gawain:

1. Paglinang ng talasalitaan
2. Panariwa: Tatlong antas ng Pag-uri

3. Paglalarawan ng isang Architect sa pamamagitan ng pag-sasabi ng mga maseselang na katungkulan nito
4. Pagsagot sa mga pagsasanay
5. Pagsulat ng isang talataan tungkol sa paksa na ginaga-mitan ng iba-ibang antas ng pang-uri

Aralin 10

A. Paksa: Ang Schematic Design at Design Development Phase

B. Mga Gawain:

1. Paglinang ng talasalitaan
2. Paggamit ng mga pinag-aralang salita sa sariling pangungusap
3. Paglalahad at pagtatalakayan tungkol sa paksa
4. Pagsagot sa mga pagsasanay

Aralin 11

A. Paksa: Contract-Document Phase
Construction Phase at
Contract Document Phase

B. Mga Gawain:

1. Karagdagang pananaliksik tungkol sa paksa
2. Panariwa: Mga Katangian ng mabuting paglalahad
3. Paglalahad ng sinaliksik
4. Pagtatalakayan
5. Panariwa: Pagbabalangkas
6. Pagsagot sa mga pagsasanay

Aralin 12

A. Paksa: Mga Pagkakataon sa Gawain sa Lahat ng Antas

B. Mga Gawain:

1. Paglinang ng talasalitaan
2. Paggamit ng pangungusap ng mga Salitang pinag-aralan
3. Pagsulat sa pisara ng mga salik sa tuwirang pagpili ng Architect na gagawa ng plano ng bahay.
4. Pag-uusap tungkol sa bawat salik
Pagbibigay ng mga dahilan kung bakit mahalagang isaalang-alang ang mga ito
5. Pansinin ang iba't ibang anyo ng pangungusap na ginamit sa pag-uusap.

Ika-6 na linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 13, 14

A. Paksa: Ang mga Tapos ng BSA (Bachelor of Science in Architecture)

B. Mga Gawain:

1. Paglinang ng talasalitaan
2. Pananaliksik: Alamin ang mga tungkulin ng sumusunod. Apprentice Draftsman, Junior and Senior Draftsman, Job Captain, Specification Writer or Estimator, Chief Designer and Designer, Filed Supervisor, Chief Architect, Associate Architect, Assistant Architect.
3. Pag-uulat ng sinaliksik
4. Paghahambing-hambing at pag-uugnay-ugnay ng mga katungkulan
5. Wastong gamit ng mga salita, pantukoy, at pang-ukol

Aralin 15, 16

A. Paksa: Iba pang Tauhan at Iba't ibang Uri ng Paglilingkod: Surveyor, Landscape Artect, Interior Designer, Executive Architect, Supervising Architect, Consulting Arehitect, Associated Architect, Architect.

B. Mga Gawain:

1. Panariwa: Mga paraan ng pagtatanong upang makakuha ng impormasyon; wastong pagbaba at pagtaas ng tinig
2. Pagtitipon ng mga talang natamo sa pamamagitan ng masining na pagtatanong tungkol sa paksa
3. Pagtatalakayan hinggil sa mga natipong tala
4. Pansinin: Karaniwan at Di-Karaniwang Ayon ng pangungusap

Ika-7 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 17

A. Paksa. Ang Architectural Team

B. Mga Gawain:

1. Pagtutumbas sa Pilipino ng mga ginamit na salitang hiram.
2. Paggamit ng mga salitang ito sa pagsusulat na muli ng buong akda.
3. Pagsagot sa mga pagsasanay.

Aralin 18

A. Paksa. Ang Salary Scale

B. Mga Gawain:

1. Paglinang ng talasalitaan
2. Pagbasa nang malakas
3. Wastong bigkas ng mga salita: mga diin at intonasyon
4. Panariwa: Wastong pagbasa at pagbigkas ng mga tambilang (numerical digit) at pamilang (figure representing number)

Ika-8 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 19

A. Paksa: Kailangan Ba Ang Pagsasanay?

B. Mga Gawain:

1. Pagbasa nang malakas
2. Pag-unawa sa binasa
3. Paggawa ng balangkas ng binasa
4. Pagsulat ng balangkas
5. Pagbibigay-halaga sa sinulat
6. Pagtatalakayan: Mga Prinsipyo sa Pagbabalangkas

Aralin 20

A. Paksa: Recruitment, Selection and Training of Architectural Personnel

B. Mga Gawain.

1. Pagtutumbas sa Pilipino ng mga salitang hiram na ginamit sa paksa
2. Paggamit ng mga salitang ito sa sariling pangungusap
3. Pagsagot sa mga pagsasanay

Ika-9 na linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 21, 22

A. Paksa: 1. Physical Requirement
2. Anyo ng Isang matagumpay na Architect

B. Mga Gawain:

1. Paglalahad nang pasalita ng nilalaman ng bawat paksa
2. Talakayan sa nilalaman ng mga paksa
3. Paglalahad ng sariling kurukuro tungkol sa mga paksa

Ika-10 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 23, 24

A. Paksa: Ang Halaga ng Pag-aaral ng Architecture

B. Mga Gawain:

1. Pananaliksik sa nagugugol sa pag-aaral ng Architecture

   a. Itala ang lahat ng nagugol sa bawat semestre (simula nang mag-aral ng Architecture) hanggang sa kasalukuyan.
   b. Gumawa ng isang "rough estimate" ng "rate increase" na inaasahan taun-taon hanggang sa matapos ka.
   k. Isama ang kasera, transportasyon at iba pang aytem na kailangan mo.
   d. Kunin ang kabuuang gastos para sa bawat taon, paramihin ito batay sa tagal ng ipag-aaral mo.

2. Igawa ng isang maayos na ulat ito (tabulated form).

Ika-11 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 25, 26, 27

A. Paksa: Batayang Pamantayang Bayad sa mga Architect

B. Mga Gawain:

1. Pagpapasulat sa pisara ng talaan ng mga gusali o gawain.
2. Pag-uusap hinggil sa mga halagang nakatala sa ilalim ng bawat pangkat ng gusali.
3. Paghahambing ng mga halagang nakatakda rito sa kalakarang halagang sinusunod sa kasalukuyan. Takda: Magsaliksik tungkol dito.

4. Bigyang-diin: Paraan ng pagtatanong upang makakuha ng impormasyon.

Aralin 28

A. Paksa: Ang mga Pananagutan ng May-ari

B. Mga Gawain:

1. Pagsagot sa mga tanong tungkol sa paksa
2. Pagkopya ng talataan; pagbibigay-diin sa wastong pagtatalata; mga bantas; wastong gamit ng mga salita.

Ika-12 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 29

A. Paksa: Ang Pagtatalumpati

B. Mga Gawain:

1. Paglinaw sa talumpati at layunin nito
2. Pag-uusap tungkol sa mga uri ng talumpati
3. Pag-alam sa mga sangkap ng isang mabuting talumpati

Aralin 30, 31

A. Paksa: Ang Talumpati

B. Gawain:

1. Paghahanda sa pagsulat ng isang talumpati
2. Pagpili ng mga paksang kapaki-pakinabang (nasa mag-aaral ang kalayaan sa pagpili ng mga paksa; isulat ang mga ito sa pisara)
3. Pagsulat ng unang draft ng talumpati

Ika-13 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 32, 33, 34

A. Paksa: Ang Talumpati at Pagtatalumpati

B. Mga Gawain:

1. Pagpapakinis sa Talumpati
2. Pagsulat sa anyong pinal ng talumpati
3. Pagtalakay sa mga pamantayan ng isang mahusay na mananalumpati
4. Pagsasanay magtalumpati sa tulong ng tape
5. Pagsasanay sa wastong pagkilos sa tanghalan

Ika-14 na linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 35, 36, 37

A. Paksa: Pagtatalumpatian

B. Gawain:

1. Pagdaraos ng timpalak talumpatian sa klase

   A. Paghirang ng mga lupon
      1) paanyaya (sa mga inampalan)
      2) akomodasyon
      3) pamatid-uhaw
      4) atb.

Ika-15 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 38, 39, 40

A. Paksa: Ang Pagtatalo
   1. Prinsipyo
   2. Mga Paksa ng Pagtatalo
   3. Paraan ng Pagtatalo

B. Mga Gawain:

   1. Pag-unawa sa mga prinsipyo ng pagtatalo
   2. Pagbuo at pamimili ng mga paksang karapat-dapat pagtalunan
   3. Pagbuo ng mga debating teams
   4. Paghahanda ng mga argumento ng bawat panig

Ika-16 na linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 41, 42, 43

A. Paksa: Ang Pagtatalo at Pakikipagtalo

B. Gawain: Patuloy sa paghahanda sa isang pagtatalo

Ika-17 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 44, 45

A. Paksa at Gawain: Pagtatanghal ng isang pagtatalo sa klase (Gawin ang mga gawaing katulad ng sa paghahanda ng talumpati sa klase)

Ika-18 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 46, 47, 48

A. Paksa: Pagbubuod, Paglilinaw, Panghuling gawain

B. Mga Gawain:

1. Pagbubuod ng layunin ng Pilipino 1 sa mga mag-aaral ng Architecture
2. Pagtatalakayan sa mga paksang ginamit at mga kasanayang pangwikang nakamit
3. Pagmumungkahi sa lalong ikabubuti ng nilalaman at gawain ng Pilipino 1

Halimbawang aralin sa Architecture (Pilipino 1-B)

Aralin 6-Panimula

Ginugugol ng marami sa atin ang mahahalagang bahagi ng ating buhay sa bahay. Sa bahay tayo ipinanganak at karaniwang nabubuhay, nag-iibigan, gumagawa, tumatanda, nagkakasakit at namamatay. Ang kapaligirang ito na gawang-tao na binubuo ng mga ospital, paaralan, bahay, simbahan, sinehan at mga gusali ng mga tanggapan ang tinatawag na architecture.

Ang sining at agham ng gusali ay architecture. Ito ang patuloy na pinakalantad na sining sa lahat sa ating mga mata. Upang mapahalagahan ang musika, dapat nating iangkop ang ating sarili sa isang konsyerto o buksan ang radyo o stereo at makinig. Upang masiyahan sa panitikan, dapat tayong kumuha ng libro sa aklatan at magbasa. Upang makakita ng mabubuting larawang guhit (painting) at lilok, dapat tayong maglakbay sa mga museo at galeriya. Ang architecture, gaya ng inyong nakikita, ay nasa paligid.

Gaano karami sa atin ang nag-iisip kahit saglit upang pansinin ang kagandahan o kapangitan ng isang gusali? Upang mamasid ang kahusayan ng balangkas, pahalagahan ang pagkakagawa nito, habang nagdaraan tayo sa isang gusali. Bilang gawang sining, sinisikap ng architecture na patayugin (lift up) ang ating diwa at padalisayin (refine) ang ating panlasa sa kagandahan habang pinagmamasdan natin ito.

Ang architecture ay isa ring agham at hindi lamang ginagawang maganda ng architect ang isang gusali kundi kinakailangang maging matibay at matatag ito. Kinakailangang ito'y maging pangmatagalan upang

matugunan ang pagsubok ng panahon at karaniwang mga elemento at maging panlaban sa lahat ng uri ng panahon, matinding init at ulan.

Ang pagpapaganda ng kalikasan, ang pangangalaga sa magaganda, ang katuparan ng mga pangarap ng tao gaya ng ipinahihiwatig ng mabilis na pagdami ng matataas na gusali at museo at tirahan ng tao ay nasa pananagutang lahat ng architect na siyang lumikha ng architecture sa ating paligid.

Kapag inakma ng architect ang lapis sa papel, bumabalangkas siya ng iba pang bagay bukod sa gusali. Inilalarawan niya ang kanyang lipunan at ang sambayanan at inihahain niya ang kanyang sarili upang hatulan. Anumang iba pang obligasyon ang makaharap ng isang architect, nararapat niyang pag-ukulan ng ganap na pansin at italaga ang sarili sa mga mithiin ng kagandahan — ang aesthetics ng anyo at tungkulin. Ito ang pangunahing kaibahan ng architect sa ibang technical men tulad ng engineers at nagiging dahilan upang ang kanyang mga gawain ay maging engrossing, ganap na kawili-wili, nakapupukaw-damdamin, rewarding at nakasisiphayo (frustrating).

Gayon pa man, hindi ipagpapalit ng architect ang kanyang gawain — paminsan-minsa'y mula sa kanyang sinaunang disenyo ng kuweba hanggang sa pinakahuling pag-aaral ng mga condominium sa ibang propesyon. Ibig mo bang malaman pa ang tungkol sa exciting world ng architect at architecture? Maaaring ibig mong lumahok sa pangkat na ito ng mga professional na humuhubog sa ating lipunan, nagbibigay ng hugis, anyo at uri dito. Ang career monograph na ito ay sadyang inihanda upang patnubayan ka at magkaloob ng kabatiran tungkol sa mga career opportunities

architecture. Maaaring ito ang maging tamang uri ng kurso para sa iyo.

Mga Gawain

1. Piliin at itala ang mga salitang banyaga na ginamit sa aralin.
2. Dapat bang panatilihin ang paggamit ng mga salitang banyaga sa larangan ng agham at teknolohiya? O dapat bang ihanap ang mga ito ng katumbas na katutubong salita? Pangatwiran.
3. Sa lalong maikling paraan, patunayan na may mahalagang papel na ginagampanan ang architect sa isang panayanan.
4. Bakit ang kursong architecture ang napili mong pag-aralan?
5. Narito ang ilang pandiwang ginamit sa araling ito: ginugugol, binubuo, tinatawag, sinisikap, pinagmasdan, kinakailangan, ipinahihiwatig. Ano ang aspekto ng bawa't pandiwa? Maibibigay ba ninyo ang neutral na anyo ng mga ito?

BALANGKAS NG PAGTUTURO NG PILIPINO 1-K (COMMERCE)

(Para sa 18 Linggo)

Una at ika-2 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 6 na oras

Aralin 1

A. Mga Paksa: Sanligang Kaalaman sa Wikang Pambansa

1. Maikling Kasaysayan ng Wikang Pambansa
   a. Tadhana ng Saligang Batas
   b. Ang Batas Commonwealth Blg. 184
   k. Mga Kagawad ng unang Surian ng Wikang Pambansa

B. Mga Gawain:

1. Pagtatalakayan
2. Pananaliksik ng dagdag na impormasyon
3. Paglilinaw (ng guro sa mga isyung di malinaw)

Aralin 2

A. Mga Paksa: Tagalog, Saligan ng Wikang Pambansa

1. Kapasyahan ng mga kagawad ng Surian ng Wikang Pambansa
2. Iba Pang mga Batas mula 1936-59 tungkol sa Wikang Pambansa

B. Mga Gawain:

1. Pananaliksik
2. Pag-uulat
3. Talakayan

Aralin 3

A. Mga Paksa: Mga Batas tungkol sa Wika mula 1960-82

1. Kautusang Tagapagpaganap (Executive Order) Blg. 60
2. E.O. #96
3. Memorandum Sirkular Blg. 172
4. MC #199
5. EO #187
6. MC #277
7. MC #384
8. MC #443
9. EO #304

10. MC #488
11. G.O. #117
12. P.D. # 73
13. D.O. # 25, s. 1974
14. D.O. # 50, s. 1975
15. DEC Memorandum #203, s. 78
16. K.P. #22, s. 1978
17. K.P. #47, s. 1979 (Foreign Students)
18. K.P. #59, s. 1981

B. Mga Gawain:

1. Pananaliksik
2. Pag-aanyaya ng isang Tagapanayam
3. Panayam
4. Malayang Talakayan (Open Forum)

<u>Aralin 4</u>

A. Mga Paksa: Reporma ng Palatitikang Pilipino
Isang Pagtataya

1. Ang Ponema at Problema
2. Alpabeto ng Wikang Pambansa
3. Modernisasyon at Kraytirya sa Pagbabago
4. Suliraning Bunga ng Solusyon
5. Pinakamahalagang Dahilan at Huling Kuro

B. Gawain:

1. Pakikinig sa lecture
2. Pagkuha ng Tala
3. Talakayan
4. Paglilinaw

<u>Aralin 5</u>

A. Mga Paksa: Iba Pang Tuntunin at Isyu sa Wikang Pambansa

1. Ang Tagalog at Pilipino
2. Ang Pilipino at Filipino
3. Pagbaybay ng mga Salitang Banyaga
4. Ang Pagsasalin ng mga Salitang Banyaga
5. Mga Isyu (current) tungkol sa wikang pambansa

B. Mga Gawain:

1. Pagbabasa
2. Pananaliksik
3. Pag-uulat ng sinaliksik
4. Pagtatalakayan
5. Paglilinaw

Ika-3 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 6

A. Paksa: Pambungad o Panimula

B. Mga Gawain:

1. Paghawan ng sagabal (talasalitaan)
2. Pag-unawa sa binasa
3. Pagsagot sa mga pagsasanay

Ika-4 ng linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 7

A. Paksa: Pambungad o Panimula

B. Mungkahing Gawain:

1. Paghahawan ng sagabal (talasalitaan)
2. Pag-unawa sa binasa
3. Pagsagot sa mga pagsasanay

Aralin 8

A. Paksa Kasaysayan ng Business Education sa Pilipinas

1. Bakit nagkaroon ng ganitong kurso
2. Bakit kinukuha ang kursong ito
3. Katatayuan ng kurso sa kasalukuyang sistema ng edukasyon sa Pilipinas

B. Mungkahing Gawain:

1. Pagsagot sa mga tanong tungkol sa paksa
2. Pagsulat ng mga pangungusap ayon sa pagkabuo at ayon sa gamit
3. Pagsulat ng mga pangungusap na gumagamit ng iba't ibang bantas
4. Wastong palabaybayan ayon sa nakaraang pinag-aralan

Aralin 9

A. Paksa: Ang Salapi at Kredito (Pag-utang) Noong Panahon ng Pagtuklas at Pananakop ng mga Kastila

1. Kasaysayan ng paggamit ng salapi
2. Kaugnayan ng salapi sa pag-utang (Kredito)
3. Pagtatalakayan na may kaugnayan sa kinuhang paksa

B. Mungkahing Gawain:

1. Paghahambing ng pakikipagkalakalan noong unang panahon (pre-Spanish) sa kasalukuyang panahon
2. Pagsasalaysay ng kasaysayan/pinagmulan ng paggamit ng salapi
3. Pagpapayaman ng talasalitaan
4. Paglalarawan

Ika-5 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 10

A. Paksa: Ang Bangko

1. Kasaysayan ng pagkakaroon ng bangko sa Pilipinas
2. Organisasyon ng bangko
3. Lupon ng mga Direktor ng bangko

B. Mungkahing Gawain:

1. Pagtatatag ng bangko - ano ang mga pangunahing hakbang
2. Paglalarawan ng isang ideyal na lokasyon ng bangko
3. Pakikipanayam sa mga direktor ng bangko tungkol sa mga tauhan nila

Aralin 11

A. Paksa: Ang Accounting sa Kursong Komersiyo

1. Kasaysayan ng Accounting sa Pilipinas
2. Ano ang Accounting?
3. Bakit may Accounting
4. Sino ang tumutupad ng tungkulin ng accounting?

B. Mungkahing Gawain:

1. Pagbibigay ng katuturang panlahat ng accounting
2. Anu-ano ang uri ng accounting? (Magsasaliksik: Isang gawaing-bahay)

Aralin 12

A. Paksa: Kahalagahan ng Accounting

1. Kahalagahan nito
2. Mga uri

B. Mungkahing Gawain:

1. Pagbibigay-kaibhan ng bawat isa
   a. balance sheet
   b. statement of change
   k. income statement at iba pa

2. Pagsulat ng isang salaysay o paglalarawan

Ika-6 na linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 13

A. Paksa: Ang Tungkulin at Kapangyarihan ng Isang Manedyer

1. Tungkulin ng isang manedyer
   a. Pagbubuo
   b. Patauhan
   k. Pangangasiwa
   d. Pamamahala

B. Mungkahing Gawain:

1. Gumawa ng isang Organizational Chart na itinatala ang mga tauhang nasa ilalim ng manedyer

   Maaaring sumangguni sa isang tanggapan upang magkaroon ng ideya sa gagawin.

Aralin 14-15

A. Paksa: Paglilibot at Paglalakbay (Travel and Tour)

1. Kahalagahan ng paglalakbay
2. Kasaysayan ng Paghahatid ng Pasahero

B. Mungkahing Gawain:

1. Talasalitaan
2. Pagsagot sa mga tanong
3. Pagpaplano ng isang paglalakbay

4. Paglalarawan ng isang pook na kaakit-akit pagkatapos ng pagbibigay ng iba't ibang anyo ng paglalarawan

Ika-7 at 8 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 6 na oras

Aralin 16

A. Paksa: Personality Development

1. Pagtalakay sa paksa
2. Mga Magagandang Bunga

B. Mungkahing Gawain:

1. Pagsagot sa tanong na may kaugnayan sa paksang binasa
2. Pagsulat ng isang komposisyon na nagsasaad ng matinding damdamin sa isang tagpo

Aralin 17-18

A. Paksa: Food Preparation

1. Tungkulin ng Mabuting Paghahanda
2. Paraan ng Pagluluto
3. Ang Nutritionist

B. Mungkahing Gawain:

1. Pagpapayaman ng talasalitaan
2. Paghahambing
3. Pagsasaliksik

Ika-9 na linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 19-20

A. Paksa: Hotel and Restaurant Management

1. Pagtalakay sa Paglalahad na may kaibahan sa pagsasalaysay at paglalarawan
2. Pagbibigay ng katuturan o kahulugan ng iba't ibang paksang sakop ng paglalahad

    2.1 (Kailangan ang pagsasaliksik)

B. Mungkahing Gawain:

1. Paglalahad ng nasaliksik tungkol sa iba't ibang paksang sakop ng paglalahad
2. Pagtatalakayan
3. Paggamit ng wastong diin at tuldik

Aralin 21-22

A. Paksa: Pagbabalik-aral sa mga paksang pinag-aralan para sa isang Pagsusulit

MIDTERM EXAMINATION

ka-10 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 23-24

A. Paksa: Personnel Management ng HRM

1. Mga Pangangailangan
2. Pangangasiwa: mga kailangan
3. Kagamitan sa pamamahala
4. Katangian at kakayahan

B. Mungkahing Gawain:

1. Pagtatalakayan
2. Pagbibigay-halaga sa binasa

Aralin 25

A. Paksa: Kahalagahan ng Presyo o Halaga

1. Pangunahing layunin
2. Pagbibigay-katuturan sa mga salitang may kaugnayan sa paksa

B. Mungkahing Gawain:

1. Pagsagot sa mga tanong tungkol sa paksa
2. Pagtitipon ng kahalagahan ng paksa

Ika-11.-12 linggo 6 na oras

Aralin 26

A. Paksa Ang Marketing Management

1. Katuturan ng paksa
2. Paraang ginagamit

B. Mungkahing Gawain:

1. Talasalitaan
2. Pagsagot sa tanong tungkol sa paksa
3. Pagsulat ng isang paliwanag tungkol sa paksa

Aralin 27

A. Paksa: Tao at Salapi

1. Ano ang market?
2. Katututran ng mga salita
3. Pamamaraan kung paano nagtatagumpay sa pamamalengke

B. Mungkahing Gawain:

1. Ibigay sa guro ang laya sa pagpili ng paraan

Aralin 28

A. Paksa: Kahulugan ng Marketing

1. Pagbibigay-katuturan

B. Mungkahing Gawain:

1. Pagtalakay sa bawat salitang may kaugnayan sa paksang binasa

Aralin 29

A. Paksa: Ang Marketing sa Maunlarang Bansa

1. Ang Marketing Services
2. Ang Produkto
3. Mga Hakbang sa Pagpapabuti

B. Mungkahing Gawain:

1. Pagtalakay sa paksa
2. Pag-iisa-isa ng hakbang sa pagbuo ng ilang produkto

Aralin 30

A. Paksa: Ang Kahalagahan ng Marketing sa Kasalukuyan

1. Ang kahalagahan ng Marketing sa "American Socio-Economic System"
2. Ang Kahalagahan ng Pamimili sa Sariling Samahan sa Pangangalakal

B. Mungkahing Gawain:

1. Talasalitaan: Pagbibigay-katuturan
   a. agrikultura
   b. surplus
   k. kalakalan
   d. American Socio-Economic System

2. Pagsagot sa mga tanong na may kaugnayan sa paksang pinag-aralan

Aralin 31

A. Paksa: Ilang Mahahalagang Batas at Panuntunan sa Economics

B. Mungkahing Gawain:

1. Paglinang ng talasalitaan
2. Paggamit sa pangungusap ng mga salitang nilinang
3. Pagpapaliwanag sa lawak at saklaw ng paksa

Aralin 32

A. Paksa Economic System

B. Mungkahing Gawain:

1. Pagsagot sa mga tanong tungkol sa paksa
2. Pagpapaliwanag sa paksa
3. Pagsipi ng talata: wastong talataan at mga bantas

Ika-13 linggo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3 oras

Aralin 23

A. Paksa: Catering

B. Mungkahing Gawain:

